Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-5 NG SETYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9.05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 202-T'2001*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA TAGAPAMAHALA NG MANILA ELECTRIC COMPANY (MERALCO) NA MALAGYAN NG LINYA NG KORYENTE ANG DAANG PATUNGO SA BAYSIDE NA SAKOP NG SITIO III SA BARANGAY BAGUMBAYAN, SANTA CRUZ, LAGUNA.*

*SAPAGKA'T,* marami nang nakatayong bahay-residensyal sa Bayside, Sitio III ng Barangay Bagumbayan;

*SAPAGKA'T,* ang mga nakatira sa lugar na ito ay lubhang nababahala sa mga kaguluhan at panganib na maaaring idulot ng bawal na droga at kriminalidad;

*SAPAGKA'T,* marami ring mag-aaral ang labis na apektado ang kanilang pag-aaral sanhi ng kakulangan sa pailaw o serbisyo ng koryente;

*SAPAGKA'T* ang pagbabahagi ng ilaw o kuryente ang tanging paglilingkod ng inyong tanggapan para sa pangangailangan ng mga mamamayan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Tagapamahala ng Manila Electric Company (Meralco) na malagyan ng linya ng koryente ang daang patungo sa Bayside na sakop ng Sitio III sa Barangay Bagumbayan, Santa Cruz, Laguna.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Tagapamahala ng Meralco at Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan